# U.S. Kagawaran ng Edukasyon

## *Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil*

# Liham sa Mahal na Kasama: Panliligalig at Pananakot (Oktubre 26, 2010)

# Kasaysayan, Buod, at Mabilis na Impormasyon

### Anu-ano ang mga posibleng epekto ng pananakot at panliligalig ng mag-aaral laban sa mag-aaral?

- Pagbaba ng marka at mga paghahangad
- Pagdami ng pag-aalala
- Pagkawala ng tiwala sa sarili
- Depresyon at stress pagkatapos ng trauma
- Pangkalahatang pagbagsak ng pisikal na kalusugan
- Pananakit sa sarili at pag-iisip tungkol sa pagpapakamatay
- Pakiramdam ng paghiwalay sa ibang tao sa paaralan, tulad ng takot sa ibang bata
- Hindi pagpasok sa paaralan

### Ano ang layunin ng Liham sa Mahal na Kasama (DCL)?

- Nililinaw ang kaugnayan sa pagitan ng pananakot at panliligalig bunga ng diskriminasyon sa ilalim ng mga batas ng karapatang sibil na ipinatutupad ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (OCR) ng Kagawaran ng Edukasyon (ED).
- Ipinaliliwanag na ang maling asal ng mag-aaral na pumapailalim sa polisiya laban sa pananakot ay maaari ding maglunsad ng mga responsibilidad na babagsak sa ilalim ng isa o marami sa mga batas laban sa diskriminasyon na ipinatutupad ng OCR.
- Ipinaaalala sa mga paaralan na ang hindi pagkilala sa panliligalig bunga ng diskriminasyon kapag dinidisiplina ang maling asal ng mag-aaral ay maaaring magbunga ng hindi sapat o hindi angkop na pagtugon na hindi makapagtutuwid sa nilabag na karapatang sibil ng mag-aaral. Sa ilalim ng batas laban sa diskriminasyon pareho ang obligasyon ng mga kolehiyo at pamantasan sa mga obligasyon ng paaralang elementarya at sekundarya.

- Pinag-uusapan ang panliligalig sa ibang lahi o bansang pinagmulan, panliligalig na seksuwal, panliligalig sa iba ang kasarian, at panliligalig sa may kapansanan at inilalarawan kung paano tutugon ang paaralan sa bawat kaso.

## Bakit naglabas ang kagawaran ng edukasyon (ED) ng Liham sa Mahal na Kasama (DCL)?

Naglabas ang ED ng DCL upang linawin ang kaugnayan sa pagitan ng pananakot at panliligalig sa may kapansanan, at upang ipaalala sa mga paaralan na sa paglimita ng kanilang tugon sa partikular na aplikasyon ng patakaran laban sa pananakot o iba pang pagdidisiplina, maaaring hindi nila mapag-isipan nang tama kung ang maling asal ng mag-aaral ay magreresulta din sa diskriminasyon na paglabag sa mga karapatang sibil ng mga mag-aaral.

## Anu-ano ang mga batas laban sa diskriminasyon na ipinatutupad ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil?

- Pamagat VI ng Batas para sa Karapatang Sibil ng 1964 (Title VI of the Civil Rights Act of 1964), na nagbabawal sa diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan.

- Pamagat IX ng Mga Pagbabago sa Edukasyon ng 1972 (Title IX of the Education Amendments of 1972), na nagbabawal sa diskriminasyon dahil sa kasarian.

- Bahagi 504 ng Batas para sa Rehabilitasyon ng 1973 at Pamagat II ng Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan ng 1990 (Section 504 of the Rehabilitation Act of 1973 and Title II of the Americans with Disabilities Act of 1990), na nagbabawal sa diskriminasyon dahil sa kapansanan.[1]

## Ano ang mga obligasyon ng paaralan sa ilalim ng mga batas na ito laban sa diskriminasyon?

- Kapag nalaman na ng paaralan o dapat malaman ang posibleng panliligalig ng mag-aaral sa mag-aaral, kailangang agad itong gumawa ng tamang pagkilos upang imbestigahan o alamin kung ano ang nangyari.
- Kung nangyari ang panliligalig, kailangang gumawa agad ang paaralan ng mga epektibong hakbang na tinatayang magtutuldok sa panliligalig, maglilinis ng anumang hindi ligtas na kapaligiran, at hahadlang sa pag-ulit ng pangyayari. Ang mga gawaing ito ay responsibilidad ng paaralan kahit na ang maling asal ay sakop din ng isang patakaran laban sa pananakot at kahit hindi magreklamo ang mag-aaral, kahit hindi niya hilingin sa paaralan na kumilos, o kahit niya hindi tukuyin ang panliligalig na isang uri ng diskriminasyon.

## Paano ako makakahingi ng tulong sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (OCR)?

Ang OCR ay naglalaan ng tulong na teknikal sa mga paaralan upang magawa ng mga ito ang kusang-loob na pagsunod sa mga ipinatutupad na batas ng karapatang sibil at nakikipagtulungan sa mga paaralan sa pagbuo ng mga malikhaing atake sa pagpigil at pagtugon sa diskriminasyon. Kailangang

[1]Ipinatutupad rin ng Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (OCR) ang Batas para sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975 at ang Batas para sa Pantay na Pag-abot ng mga Boy Scout sa America (Age Discrimination Act of 1975 and the Boy Scouts of America Equal Access Act). Hindi tinutukoy ng DCL ang mga batas na ito.

makipag-ugnayan ang paaralan sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (OCR) na may jurisdiksyon sa pagbibigay ng teknikal na tulong. Para sa mga kakaugnayin, pakibisitahin ang website ng Kagawaran ng Edukasyon (ED) sa http://wdcrobcolp01.ed.gov/CFAPPS/OCR/contactus.cfm.

Ang reklamo laban sa diskriminasyon ay maaaring isampa ng sinumang naniniwalang ang paaralan na tumatanggap ng tulong na pinansiyal na Federal ay nagkaroon ng diskriminasyon laban sa isang taong iba ang lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, may kapansanan, o edad. Ang isang tao o organisasyon na nagsasampa ng reklamo ay hindi kailangang maging biktima ng hinihinalang diskriminasyon, ngunit maaaring magreklamo alang-alang sa isa pang tao o grupo. Ang impormasyon kung paano magsasampa ng reklamo sa OCR ay nasa http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/complaintro.html o sa pamamagitan ng pagtawag sa Pangkat ng Customer Service ng OCR sa 1-800-421-3481.